**Pagsubok sa Paghahanda ng Isang Ministri**
A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
*June 20, 2020*

Nagkakaroon tayo ng mga pagsubok habang pinapaunlad natin ang ating ministri. Makakayanan natin ang lahat ng mga paghihirap sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos, pagtitiyaga, at karunungan . Habang naglilingkod at sumusunod sa Panginoon, gagantimpalaan Niya tayo.

Ituon natin ang ating paningin Kay Jesus na siyang pinagmulan ng ating pananampalataya, at siya ring nagpapasakdal nito (Heb 12:2). Magalak din tayo kapag tayo'y dumaranas ng iba't ibang pagsubok at nagiging matatag ang ating pananampalataya matapos nating mapagtagumpayan ang ating mga pagsubok (San 1:2-3).

Lagi po nating alalahanin na mapalad ang taong matatag sa gitna ng pagsubok, at ginagawa niyang tuntungan ang kanyang mga pagsubok para maabot ang kanyang tagumpay.

Marahas na kinakalaban ni Satanas ang mga taong taos pusong naglilingkod sa Panginoon. Kinakalaban din niya tayo sa maraming paraan, pati na ang ating kalusugan, dahil kung may sakit tayo hindi tayo makapaglilingkod sa Kanya.

Kung tinitira tayo ni Satanas, alalahanin natin ang sumusunod na panglaban:

- Maging tapat
- Maging matatag
- Tanggapin anuman ang dumating
- Maging matiyaga
- Maging mapagkumbaba

Kung iniisip natin na hindi tayo mahuhulog sa mga patibong ni Satanas, ngayon pa lang nahulog na tayo sa kanyang bitag. Huwag kakalimutan na naparito ang Panginoon para magkaroon tayo ng buhay na ganap at kasiya-siya; ang magnanakaw na si Satanas, pumarito para magnakaw, pumatay, at manira (Jn10:10).

Nililinlang tayo ni Satanas sa pagsasabi na tayo ay mapupuspos ng biyaya kung susunod tayo sa kanya. Ngunit, magtatagumpay tayo kung may pananampalataya tayo sa Panginoong Diyos. Kung nagtagumpay tayo, nakamit na rin natin ang espirituwal na tagumpay.

**Mga Aspekto at mga Kailangan Para Magtagumpay**

- Masayang pananaw- Kung nakikita tayo ng kaaway na masaya, gagawa siya ng paraan na malulungkot tayo; manindigan tayo laban sa pang-aapi at manatiling masaya. Nasa atin kung gusto nating sumaya; tamang pag-uugali ang susi. Maski may mga pagsubok tayo, dapat magsaya sa piling ng Diyos, na pinanggagalingan ng ating kagalakan.
- Pagsubok sa Pananampalataya- Nasusubok ang ginto sa pamamagitan ng apoy, nasusubok din ang ating pananampalataya sa mga matitinding problemang dumarating para malaman kung tayo ay walang bahid. Tumitibay tayo dahil sa mga pagsubok. Sa halip na mag-alala, magsaya at maniwala na di tayo pababayaan ng Diyos.
- Pananampalataya, Pagtitiyaga, at Karunungan – Kailangan nating magkaroon ng pananampalataya at pagsisikap, na may kalakip ng karunungan, para magabayan tayo patungo sa tamang landas.

Kapag nagtiyaga tayo hanggang matapos ang ating pagsubok, makakatanggap tayo ng gantimpala; dahil nagbibigay ng gantimpala ang Diyos sa mga taong hindi sumusuko at patuloy na nagtitiwala sa Panginoon sa halip na magpatalo sa Demonyo.

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edit ni:** Sis Vera I. Tuplano
**Inaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano**